ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LVI Blg. 23
Disyembre 7, 2025
www.philippinerevolution.nu

EDITORYAL

Maghanda sa susunod na yugto ng kilusang protesta laban sa korapsyon at pasismo ng rehimeng Marcos

Humigit-kumulang tatlong buwan ang itinagal ng dumaang unang yugto ng kilusang protesta laban sa korapsyon at burukratang kapitalismo. Una itong sumiklab noong Setyembre, at humantong sa pambansang koordinadong demonstrasyon nitong nagdaang Nobyembre 30. Bawat linggo sa pagitan ay may mga *walkout* at demonstrasyon ng mga estudyante sa mga unibersidad mula hilagang Luzon hanggang sa mga syudad ng Kabisayaan at Mindanao. Sa iba't ibang komunidad, bayan, pagawaan, tanggapan at mga simbahan, nagrali at nagmartsa ang iba't ibang sektor na binuklod ng komun na pagkasuklam sa korapsyon at bulok na sistema.

Nagsimula sa iskandalo ng bilyun-bilyong pisong kikbak sa maaanomalyang *flood control projects*, hindi naglaon. Tumambad ang iba pang singsahol na anyo ng korapsyon sa gubyerno. Nalantad ang maanomalyang "farm-to-market road" at iba't ibang ipinatayong mga imprastruktura. Nalantad din ang daan-daan bilyong pisong mga "alokabol" sa pambansang badyet, at iligal na paggamit ni Marcos sa pondo ng PhilHealth.

Nagsimula sa panawagang "lahat ng sangkot, dapat managot" at pagbatikos sa mga upisyal ng Department of Public Works and Highways (DPWH) at mga kasabwat na kontraktor, kongresman at mga senador. Hindi nagtagal, sigaw ng mga kabataan at ng iba't ibang sektor, "Marcos, Duterte patalsikin!," matapos mabunyag na mismong si Marcos ang Haring Mandarambong na nasa tuktok ng gabundok na nakaw na yaman, at si Sara Duterte ang Reyna ng Korapsyon na naglustay ng daan-daang milyong pondo ng mamamayan. Usap-usapan ngayon ang pagtatayo ng pambansang konsehong pantransisyon, upang igiit ang interes ng mga demokratikong sektor sa anumang ihahaliling gubyerno.

Ang pagbaha ng protesta mula Setyembre ay maikumkupara sa makasaysayang mga pagdaluyong ng protesta sa bansa. Sa nagdaang mga dekada, ilang ulit sumiklab ang makapangyarihang mga kilusang bayan, na dalawang ulit nakapagpabagsak sa nakaupong presidente (Marcos noong 1986 at Estrada noong 2001). Dagdag sa mga ito ang makabayang pag-aaklas ng mga kabataan noong First Quarter Storm noong 1970, mga welgang bayan noong 1989-1990, mga rali laban sa korap at pasistang rehimeng Arroyo at malawakang demonstrasyon kontra sa *pork barrel* noong 2013-2014.

Salamin ng malawak at malalim na galit ng taumbayan ang pagsiklab ng kilusang protesta. Ang mabilis na pagbulwak nito ay



tanda ng kumukulong galit ng taumbayan sa walang awat na pagsirit ng presyo, pagpako ng sahod at pangkalahatang pagbulusok ng kanilang kabuhayan, sa ilalim pa ni Duterte at laluna mula nang maupo si Marcos. Lalong nag-alab ang galit ng bayan sa harap ng malawakang salanta mula Cebu hanggang Palawan dala ng bagyo at mga bulok na proyektong *flood control*. Ang pagbulsa sa bilyun-bilyong pisong pera ng bayan ay gumatong sa hindi nawawalang pagkasuklam ng taumbayan sa magnanakaw na pamilyang Marcos.

Nasadlak sa malalim na pampulitikang krisis ang rehimeng Marcos dahil sa pagragasa ng mga kilos protesta. Lalo itong nayanig nang ibinunyag na tumanggap mismo si Marcos ng hindi bababa sa ₱25 bilyong kikbak o "SOP" kapalit ng mga proyektong pang-imprastrukturang ipinag-utos niyang ipasok sa badyet. Sa tangkang tabingan si Marcos, ilang matataas niyang upisyal ang isinakripisyo at pinagbitiw. Kabilang sa kanila ang pinuno ng gabinete na napangalanang sangkot sa anomalya.

Binuo ni Marcos ang "independyenteng komisyon" para diumano mag-imbestiga sa mga anomalya, pero para lamang ikubli ang papel ng Malacañang sa korapsyon. Para magpasiklab at pahupain at ilayo sa kanya ang galit ng bayan, itinutulak ngayon ni Marcos na kasuhan at arestuhin ang ilang malaking kontraktor at kilalang mga pulitiko.

Umaastang anti-korapsyon si Marcos alinsunod sa payo ng imperyalistang amo upang alisan ng hangin ang kilusang protesta kontra korapsyon. Katuwang niya ang ilang lider ng Akbayan na todo ang pagsisikap na ilihis ang kilusang anti-korapsyon mula sa pagpapanagot kay Marcos at tabunan ang panawagan para sa kanyang pagbibitiw. Sa payo pa rin ng US, ipinag-utos ni Marcos ang muling pagtataas ng sweldo ng mga sundalo at pulis, sa layong ikonsolida ang kanyang kontrol sa AFP at PNP, at mas mahigpit na magamit ang mga ito sa brutal na todo-gera laban sa masang magsasaka sa kanayunan at pagsupil sa nagbabadya pang paglawak ng mga protestang bayan sa darating na panahon.

Matapos tuluy-tuloy na sumulong mula Setyembre, nasa yugto ngayon ng konsolidasyon ang kilusang protesta laban sa korapsyon at burukratang kapitalismo—ng pagpapalakas at paghahanda para sa muling pagbwelo. Hamon sa mga pwersang pambansa-demokratiko na nasa unahang hanay ng kilusang protesta na maglagom at humalaw ng mga aral mula sa nagdaang tatlong buwan. Hamon na patatagin at palawakin ang kanilang mga samahan, ibayong palaparin ang kanilang mga alyansa at pagtibayin ang paninindigan at determinasyong labanan ang korapsyon ng rehimeng US-Marcos.

Hamon sa kanilang tuluy-tuloy na maghanda sa susunod na yugto sa pamamagitan ng pag-abot at pag-organisa sa higit na maraming pagawaan, maralitang komunidad, paaralan at iba pang sentro ng populasyon sa buong bansa, at paramihin ang mga aksyong protesta ng masa sa kanilang mga lokalidad. Hamon na palalimin ang pag-unawa burukrata-kapitalismo, sa iba't ibang anyo nito, at sa mga ugat na suliranin ng paghihirap ng bayan. Ilang ulit na palawakin ang alyansang anti-korapsyon at pahigpitin ang pagkakaisa laban sa paghahari ng mga Marcos at Duterte. Hamon din na ilantad ang mga pekeng progresibong lider at mga ultra-konserbatibo upang makabig ang masang kontra korapsyon na nililinlang at inililihis nila sa maling landas ng pagsumamo sa hari ng korapsyon.

Hamon sa Partido at mga rebolusyonaryong pwersa na magpalakas sa gitna ng nagpapatuloy na malawak na kilusang anti-korapasyon ng taumbayan at paglaban sa pasismo ng rehimeng US-Marcos. Ibayong palawakin ang lihim na mga samahang masa upang tuluy-tuloy na pukawin at himukin ang malawak na masa ng sambayanan na isulong ang demokratikong rebolusyong bayan bilang tunay na solusyon sa krisis. Sa harap ng labis na pagkapoot sa nagnanaknak na kabulukan ng buong reaksyunaryong estado, napakainam ngayon ng sitwasyon para magrekrut para sa Bagong Hukbong Bayan at isulong ang digmang bayan sa kanayunan. AB

ANG Bayan

Tomo LVI Blg. 23 | Disyembre 7, 2025

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

Nilalaman

Editoryal: Maghanda sa susunod na yugto ng kilusang protesta laban sa korapsyon at pasismo ng rehimeng Marcos 1
Libu-libo, muling tumindig kontra korapsyon 3
Hindi naglulubay na mga pagkilos 3
Garapalang pandarambong ni Marcos 4
Nagpapalakas ang KM para sa DRB 5
Edukasyon para sa komunistang paghuhubog 6
Pasismo sa pusod ng mga bansang imperyalista 7
Sa madaling salita 8
4 na sundalo, napatay sa mga engkwentro 9
Paghaharing militar sa isla ng Samar at Kalinga 9
Mga protesta 9
Palayain ang mga mariposa! 10

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph

Buhay ang diwa ni Andres Bonifacio

Libu-libong Pilipino, muling tumindig kontra korapsyon

Muling nagmartsa sa lansangan noong Nobyembre 30 ang libu-libong Pilipino sa iba't ibang panig ng bansa para magprotesta laban sa nalalantad na malawakang korapsyon sa gubyerno. Kasabay ito ng paggunita sa ika-162 kaarawan ng ama ng himagsikang Pilipino na si Andres Bonifacio.

Sa araw na iyon, umalingawngaw ang mga panawagan ng bayan mula sa pagpapanagot sa lahat ng sangkot sa katiwalian, paglansag sa mga dinastiya sa pulitika, at pagpapabitiw sa poder sa presidente na si Ferdinand Marcos Jr, bise presidente na si Sara Duterte, at iba pang tiwaling upisyal.

Sa pangunguna ng Kilusang Bayan Kontra Kurakot (KBKK), mahigit 20,000 ang nagtipon sa Luneta Park sa Maynila para sa protestang Baha sa Luneta 2.0. Tinangka ng rehimeng Marcos na idiskaril ang pagkilos sa pagbabawal sa kanilang makapagtipon at makapaglunsad ng programa. Hindi napigil ng pananabotahe ang sigaw ng bayan para sa pananagutan at hustisya.

Dumalo sa pagkilos ang iba't ibang mga grupo, pwersa at sektor kabilang ang mga manggagawa, magsasaka, maralitang-lungsod, estudyante, kababaihan, at taong-simbahan. Tulad nang naunang idineklara ng KBKK, bukas nitong tinanggap ang iba't ibang mga panawagan ng mga grupo kabilang ang pagpapabitiw kina Marcos at Duterte at pagtatayo ng isang *transition council*.

Libu-libo rin ang nagtipon sa protestang Trillion Peso March 2.0 na ginanap sa EDSA sa Quezon City. Pinangunahan ito ng Simbahang Katolika at iba pang mga grupo at partido na bumubuo sa Trillion Peso March Movement (TPMM).

Bago ang mga pagkilos, sinikap pero nabigo ang KBKK na makipagkaisa sa TPMM para sa iisang protesta sa Metro Manila. Hindi payag ang mga grupo sa TPMM, partikular na ang Akbayan, na hayagang dalhin ng mga grupong nakapailalim sa KBKK ang mga panawagang tahasang nagdidiin kay Marcos sa pagkakasangkot sa sistemikong korapsyon.

Labas sa Metro Manila, kumilos ang mga grupong alyado ng KBKK sa Baguio City, La Union, Ilocos Sur, Ilocos Norte, Isabela, Tarlac, Calamba City, Cavite, Oriental Mindoro, Legazpi City, Naga City, Antique, Capiz, Aklan, Iloilo City, Bacolod City, Cebu City, Tacloban City, Davao City, Cagayan de Oro City at sa General Santos City. Naiulat rin ang mga misa, pagtitipon at martsa ng mga kaparian at lider ng simbahan, kasama ang mamamayan, sa hindi bababa sa 86 diyosesis sa buong bansa.

Sa labas ng Pilipinas, umabot sa halos 2,000 Pilipinong migrante at mga alyado sa 30 syudad sa 23 bansa ang lumahok sa pandaigdigang pagkilos kontra korapsyon. Pinangunahan ang mga protesta ng kabubuo lamang na KBKK-Global.

Step down kontra *step up*

Higit na tumining ang pagkakaiba ng panawagan ng mga grupo kaugnay sa pagpapanagot kay Marcos mismo. Tumatanggi ang Akbayan, isa sa mga nangunguna sa TPMM, na kilalanin ang tindi ng korapsyon ni Marcos at sa halip ay nanawagan pa itong mag-"step-up" siya sa paglaban sa korapsyon. Lubhang taliwas ito sa paninindigan ng KBKK na malaki ang pananagutan ni Marcos sa sistemikong katiwalian sa gubyerno.

Nanawagan din ang Akbayan kay Marcos na gawing prayoridad ang "anti-dynasty bill," kahit pa ang pamilya nito ang pinakabangkaroteng dinastiya sa pulitika.

"Step down" (bumaba ka na) ang panawagan ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan, bahagi ng KBKK) kay Marcos. Ito ay para mabigyang daan ang isang malaya at masusing imbestigasyon laban sa korapsyon, at harapin ang pananagutan sa kanyang mga krimen laban sa mamamayang Pilipino.

Matapos ang protesta ng KBKK sa Luneta Park, pinamunuan ng Bayan ang martsa patungong Mendiola para singilin si Marcos. Ipinanawagan ng grupo ang pabibitiw nina Marcos at Duterte. Panawagan nilang palitan sila ng isang *national transition council*. Tulad sa nakaraan, hinarangan sila ng libu-libong pulis at natulak na magprograma sa tapat ng University of the East sa Recto Avenue. Nakimartsa sa Bayan ang mga pwersa ng Partido Lakas ng Masa, Bukluran ng Manggagawang Pilipino at Sanlakas.

Sa pagtatapos ng programa sa Recto Avenue, winasak ng mga raliyista ang *effigy* ni Marcos na may suot na korona at *sash* may nakapintang bandila ng US. AB


Hindi naglulubay na mga pagkilos

BAGO AT PAGKATAPOS ng Nobyembre 30, tuluy-tuloy ang paglulunsad ng KBKK ng mga Black Friday Protest at ibang pagkilos.

Tampok noong Nobyembre 21 ang pambansang *walkout* ng Youth Rage Against Corruption. Nagmartsa ang 1,500 kabataan sa Mendiola sa araw na iyon. Kinabukasan, magkahiwalay na aktibidad ang inilunsad ng Seniors Kontra Kurakot at ng mga siklista bilang protesta.

Noong Nobyembre 28, isang pambansang *sit-down strike* at protesta ang pinangunahan ng Alliance of Concerned Teachers-Philippines. Nakiisa sa aktibidad ang mga guro sa higit 400 pampublikong paaralan sa 14 na rehiyon sa bansa.

Garapalang pandarambong ni Marcos sa kaban ng bayan



Hindi maikakaila na si Ferdinand Marcos Jr ang utak at pinakamalaking buwaya na dapat papanagutin sa malawakang korapsyon sa gubyerno. Sa nakaraang halos tatlong buwan, tuluy-tuloy na nabunyag ang mga katiwaliang direkta niyang kinasasangkutan, ng kanyang pamilya at pinakamalalapit na upisyal. Nasa bingit ng kamatayan ang ICI, ang itinayo niyang komisyon para pahupain ang galit sa korapsyon at linisin ang kanyang pangalan.

Katuwang ang kanyang mga upisyal sa mga kagawaran at kasapakat sa kongreso at senado, ibinalik niya ang sistema ng *pork barrel fund* sa anyo ng mga "allocable." Kumopo siya ng bilyun-bilyong sariling *pork barrel* sa anyo ng *confidential and intelligence funds*, at pondo para sa *unprogrammed appropriations* (UA). Nahaharap siya sa mga anomalyang maaaring pagbatayan para siya ay i-*impeach*.

Paggamit ng UA sa *flood control*

Nitong Disyembre, isiniwalat ni dating Justice Antonio Carpio ng Korte Suprema ang patunay ng ugnay ng paglilipat ng pondong Philhealth at mga maanomalyang proyektong *flood control*. Noong 2024, naging bahagi ng UA ni Marcos ang ₱60 bilyong pondo ng PhilHealth na "ibinalik" sa gubyerno. Liban dito, inilipat din sa UA ang ₱170 bilyong kita ng Philippine Deposit Insurance Corporation (PDIC). Ginamit ni Marcos ang UA na ito para pondohan ang palpak at *ghost* na mga proyektong *flood control* (₱170 bilyon) at iba pa tulad ng Davao Bypass Road Project.

Ayon kay Carpio, labag sa konstitusyon ang ginawang paglilipat ng pondo sa UA ni Ralph Recto, dating kalihim sa pinansya at ngayo'y *executive secretary* ni Marcos.

Nagdesisyon kamakailan ang Korte Suprema na iligal ang paglilipat at ipinababalik ang pondo sa PhilHealth.

Kikbak, ismagling at manipulasyon ng presyo

Mula Nobyembre 14, pitong bidyo ang inilabas ni Elizalde Co, dating kinatawan ng Ako Bicol Partylist at pinuno ng komite sa badyet sa Kongreso, na nagsiwalat sa korapsyon ng pamilyang Marcos. Sa unang tatlong bidyo, isiniwalat ni Co ang pag-utos sa kanya ni Marcos na isingit sa badyet para sa 2025 ang mga proyektong nagkakahalaga ng ₱100 bilyon. Tinatayang kumubra si Marcos dito ng ₱25 bilyong kikbak. Ayon kay Co, nakapagdeliber siya ng higit ₱50 bilyon na halaga ng katulad na kikbak kina dating *house speaker* Rep. Martin Romualdez at Marcos mula 2022.

Sa hiwalay na bidyo, isinawalat ni Co ang pag-utos sa kanya ng anak ng presidente na si Rep. Sandro Marcos na magsingit ng ₱50.9 bilyon sa mga badyet mula 2023 hanggang 2025 para sa sarili niyang kikbak. Sa isa pang bidyo, idinawit ni Co ang asawa ni Marcos na si Liza Araneta-Marcos sa malawakang ismagling ng bigas, isda at gulay. Aniya, pinigilan ni Araneta-Marcos ang imbestigasyon noon sa Kongreso sa ismagling ng bigas at sibuyas. Ito ay para pagtakpan ang papel ng kanyang kapatid na si Martin Araneta na pasimuno ng ismagling at manipulasyon ng presyo ng bigas at mga gulay mula 2022.

"Allocable" bilang bagong *pork barrel*

Mula 2022, isiningit ng rehimeng Marcos, kasabwat ang mga kongresista at senador, ang *pork barrel* sa badyet sa tinawag nitong mga "allocable" o "pwedeng ilaan." Sa simpleng salita, ang *allocable* ay itinakdang halaga na mapupunta sa bawat kongresistang pandistrito. Nakalakip ito sa National Expenditure Program ng pangulo sa ilalim ng badyet ng Department of Public Works and Highways (DPWH). Makukubra ng isang kongresista ang kanyang "allocable" sa pamamagitan ng pagsusumite ng mga mungkahing imprastruktura na babasbasan naman ng pangulo.

Sa imbestigasyon ng Philippine Center for Investigative Journalism (PCIJ), lumabas na si Rep. Marcos ang may pinakamalaking *allocable* (₱15.79 bilyon) mula 2023 hanggang 2025. Pumapangalawa sa kanya ang kanyang tiyuhin na si Rep. Romualdez na nakakopo ng ₱14.43 bilyon. Umaabot sa ₱1.2 trilyon ang kabuuang *allocable* na pinaghatian ng 254 kongresista sa 14 rehiyon sa nakaraan tatlong taon.

Laman pa rin ng badyet para sa 2026 ang mga *allocable*. Naglaan ang Kongreso para sa sarili nito ng ₱400 bilyon. Pinalitan ng mga kongresista ang hiling nilang mga proyektong *flood control* tungong mga proyektong *farm-to-market road*, irigasyon, klasrum, mga pasilidad pangkalusugan, pabahay at gusaling pampaliparan. Ito ay para iwasang matanggal sa badyet ang kanilang pondo. May nakalaan ding ₱100 bilyon na *non-allocable* na tinaguriang "free-for-all" na *pork barrel*. AB

Nagpapalakas ang Kabataang Makabayan para sa digmang bayan

Bilang pagdiriwang sa ika-61 anibersaryo ng Kabataang Makabayan (KM) noong Nobyembre 30, naglunsad ng pag-aaral, asembliya, rali at iba pang aktibidad ang mga balangay nito. Pagsisikap rin ito ng KM para pasiglahin ang kilusang lihim sa hanay ng mga kabataan, upang palakasin ang paglahok nila sa rebolusyonaryong kilusan.

Pinalalakas ng KM ang sarili habang nangunguna ang mga kabataang Pilipino sa malawakang mga protesta kontra korapsyon sa buong bansa simula pa Setyembre. Hinihikayat ng KM ang mga kabataan na patuloy na palakasin ang kanilang sigaw at paglaban sa korapsyon at burukratang kapitalismo. Kasabay nito, inililinaw nila na ang tunay na pagbabago ay makakamit lamang ng mga kabataan at sambayanan sa pamamagitan ng digmang bayan.

Pag-aralan ang digmang bayan

Sa Maynila, isang balangay ng KM sa isang kolehiyo ang nagtipon para talakayin ang akda ni Ka Amado Guerrero na Ang Mga Partikular na Katangian ng Ating Digmang Bayan. Pinili nila ang akda para mapag-aralan ang digmang bayan na inilulunsad ng Bagong Hukbong Bayan (BHB), maunawaan ang mga partikularidad nito at mabatid ang pamamaraan ng pagsusulong nito mula sa isang yugto tungo sa isa pa.

"Napalalim nito ang pagunawa ko sa digmang bayan," pagbabahagi ni Ka Sharon, bagong rekrut sa KM. "Sa kabila ng uring pinagmulan ko, mas nasasabik ako ngayon na lumahok sa susunod na grupo ng mga estudyante na makikibahagi sa rebolusyonaryong integrasyon," ayon ay Ka Len.

Sama-sama ring nanood ang mga myembro ng KM ng dokumentaryo ng Sine Proletaryo na Buhay Komunista 2, nag-aral ng rebolusyonaryong awitin na Pagbati, at nagbasa ng tulang Ang Gerilya Ay Tulad Ng Makata ni Kasamang Jose Maria Sison. Nagtalakayan rin ang balangay hinggil sa paglikha ng rebolusyonaryong sining at ang pagkakatulad nito sa sining ng gerilyang pakikidigma.

Nagpahayag ng optismo ang upisyal ng balangay na si Ka Ces sa positibong ibubunga ng kanilang nailunsad na pagtitipon. "Sana ay mabigyang kakayahan tayo ng mga talakayang ito na higit pang pandayin ang ating mga sarili sa larangan ng ideolohiya," aniya. Higit umanong kinakailangan ito ng mga myembro ng KM sa harap ng umiigting na pampulitikang sitwasyon sa ilalim ng rehimeng Marcos.

Mga rali, asembliya at OP-OD ng KM

Sa kabila ng pasistang panunupil ng rehimen, mapagpasyang nailunsad ng mga balangay ng KM ang mga rali, asembliya at operasyon pinta-operasyon dikit (OP-OD) sa ilang lugar. Mahusay nilang pinlano ang mga ito para matiyak ang kaligtasan sa seguridad ng bawat aktibidad.

Noong Nobyembre 27 at 28, at Disyembre 5, naglunsad ng rali ang mga balangay ng KM sa Quezon City at Maynila. Bitbit ang bandila ng KM, nanawagan sila sa mga kabataan at mamamayang Pilipino na sumapi sa BHB at ialay ang lakas, talino at kakayahan sa pagsusulong ng digmang bayan.

Sa Metro Manila, tatlong asembliya ng KM ang naisagawa noong Nobyembre. Samantala, nakapaglunsad ng OP-OD ang mga balangay ng KM sa De La Salle University (DLSU)-Manila, DLS-College of St. Benilde, University of the Philippines (UP)-Manila at Polytechnic University of the Philippines sa Maynila. Ikinasa rin ito ng KM sa UP Los Baños, sa Calamba City sa Laguna, at sa UP Cebu. Sa Canada, iniulat rin ng isang balangay ng KM na kinabibilangan ng mga kabataang Pilipinong migrante at *diaspora* ang paglulunsad ng OP-OD.

Kabi-kabila rin ang pamamahayag ng mga balangay ng KM para ipagdiwang ang anibersaryo nito. Pinagpugayan nila si Ka Joma, ang tagapangulong tagapagtatag ng KM, para sa kabang-yamang aral na iniwan niya para sa mga kabataan sa pagsusulong ng rebolusyong Pilipino. Kabilang sa mga naglabas ng pahayag ang mga balangay nito mula sa rehiyon ng Ilocos, Metro Manila, Negros Island, Panay, at sa Laguna, Cavite at Cebu.



"Sa ating paglubog sa masa, mapangahas nating pandayin ang ating paninindigan. Tinatawag tayong kumawala na sa ating komportableng buhay at kinasanayan...higit na may saysay ang sakripisyo para wakasan ang bulok na sistema," pahayag ng KM. AB

Edukasyon para sa komunistang paghuhubog ng mga mandirigma

Sa hukbong bayan, mahalaga ang pag-aaral upang mahubog ang mga mandirigma bilang mga proletaryong rebolusyonaryo.



Sa Luntian, isang yunit ng BHB sa Southern Tagalog, tinitiyak ng komite ng Partido sa loob nito na naitataas ang antas ng teoretikong paggagap sa Marxismo-Leninismo-Maoismo. Mahigpit nitong iniuugnay ang teorya sa kongkretong rebolusyonaryong praktika ng yunit.

"Ang naging hamon sa pagpapatupad ng gawaing edukasyon sa hukbong bayan ay ang pinakikitunguhang sitwasyong militar," ani Ka Reymundo, kumander ng yunit. Halos isang taong tuluy-tuloy ang maniobra ng Luntian dahil sa pinaigting na mga operasyon ng Armed Forces of the Philippines. Dumami ang ipinakat na mga tropa nito sa larangang gerilya. Pinaigting rin ang paggamit nito ng makabagong mga armas at teknolohiya.

Pagpapasigla ng edukasyong pampartido

Nakatuon ang kampanyang edukasyon ng Luntian sa pagbabalik-aral sa kasaysayan at mga saligang pagsusuri at linya ng Partido. Pagtalima ito sa praktikal na gabay sa itinakda ng Partido na kilusang pagwawasto. Mula 2024, inilunsad sa yunit ang regular at espesyal na mga kurso para balik-aralan ang mga kamalian at kahinaan, at linangin ang mga kasama bilang mga komunista. Kabilang sa mga kurso ang Burukratismo, Kumandismo at Liberalismo, Iwasto ang mga Pagkakamali at Muling Itayo ang Partido, Komunista, Maging Abanteng Elemento ng Proletaryado, Saligang Batas ng Partido at Programa para sa Demokratikong Rebolusyong Bayan.

Sinasabayan ang mga pag-aaral ng programang Kolektibong Basa at Kolektibong Talakayan (KBKT) ng mga araling dokumento. Ito ay para mapamilyarisa ang mga mag-aaral sa nilalaman ng mga kurso. Nahikayat nito ang mga kasamang dating walang hilig sa pagbabasa o talakayan. Kapag nakakaligtaan, mismong ang mga mandirigma ang nagtatanong: "Wala ba tayong KBKT?"

Naging arawang aktibidad din ang Rebokabularyo. Ipinakikilala at ipinaliliwanag sa aktibidad na ito ang mabibigat na mga termino, batas, at signipikanteng personahe na nasa mga araling paksa kada araw.

Tuwing dumarating, maagap na tinatalakay ang mga mensahe ng Komite Sentral at Komiteng Rehiyon sa mga anibersaryo ng Partido at Hukbo. Dinadaluhan ang mga ito ng mga kadre at kasapi ng Partido sa iba't ibang antas, at pati ng rebolusyonaryong masa.

Pumapana sa mga kahinaan

Mahigpit na iniuugnay sa kongkretong rebolusyonaryong praktika ng mga kasama ang mga pag-aaral. Hinuhugot ang mga halimbawa mula sa aktwal na karanasan ng yunit at praktika ng mga kasama.

Dahil dito, nagiging daluyan ang mga pag-aaral ng unipikasyon ng mga pagtatasa at paglalagom sa mga usaping kinaharap ng yunit.

Nahihikayat ang mga kasama na balikan ang sariling rebolusyonaryong praktika sa panahon ng mga pag-aaral at gamitin itong gabay sa paglalagom sa sarili. Sa panahon ng mga talakayan, mas maluwag na naihaharap sa mga kasama ang mga kamalian at kahinaan ng mga indibidwal.

"Maraming beses akong tinatamaan sa pag-aaral, sa mga dapat gawin, at kung ano talaga ang ibig sabihin ng buong-pusong paglilingkod," ayon sa isang estudyante sa pagtatasa ng pag-aaral na pumaksa sa mga pamamaraan paano magpakahusay bilang proletaryado.

Pagbaka sa empirisismo

Ang pagtataas ng praktika sa teoretikong antas ng mga kasama ay susi sa pagbaka sa empirisismo. Gabay ito sa mga pagtatasa at paglalagom. Layunin nitong magbunsod ng mas mataas na rebolusyonaryong praktika.

Sa mga pag-aaral, hinihikayat ang mga kasama na maging mas kritikal sa sarili at sa ibang kasama hinggil sa mga maling estilo ng paggawa. Malaki ang tulong ng mga ito sa pagbaka ng maraming indibidwal at kolektibong kahinaan ng yunit. Susi rin ang mga ito sa pagresolba ng mga tunggalian na nagmumula sa magkakaibang ideya, praktika at estilo.

"May mga tunggalian sa pagtutukoy ng tama at mali sa praktika, pag-iral ng empirisismo at indibidwalismo, na tuluy-tuloy na binabaka ng yunit," ayon kay Ka Reymundo. Sa tingin niya, may pag-unlad na sa mga tunggaliang ito. Unti-unti nang nagbabago ang mga maling gawi at praktika ng mga kasama.

"Mas mahigpit na ang yunit sa pagpapatupad ng mga kaisahan," aniya. AB

Pasismo sa pusod ng mga bansang imperyalista

Matagumpay na idinaos ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) ang ikalimang internasyunal na teoretikal na kumperensya na may temang Pasismo sa Ika-21 Siglo sa Pusod ng mga Bansang Imperyalista. Isinagawa ito mula Nobyembre 28 hanggang 29 sa Utrecht, The Netherlands.



Dinaluhan ang kumperensya ng 125 indibidwal mula sa 71 partido komunista at organisasyong masa. Dalawampu sa mga partido at grupong ito ang nagsumite ng mga kontribusyon na tinalakay sa kumperensya. Inialay ng NDFP ang kumperensya sa alaala ni Ka Louie Jalandoni, proletaryong internasyunalista at martir ng rebolusyong Pilipino.

Tumuntong ang 2-araw na kumperensya sa teoretikal at istorikal na pag-unawa sa pasismo mula sa mga sulatin nila Lenin, Stalin at Mao. Pinagtibay nito ang kahulugan ng pasismo alinsunod sa konsepto ni Georgi Dimitrov, isang komunistang Bulgarian na nagsilbing pinuno ng Communist International noong dekada 1930. Ani Dimitrov, ang makauring katangian ng pasismo ay nasa anyo ng "hayag na diktadura ng pinakareaksyunaryo, pinakasobinista at pinaka-imperyalistang elemento ng kapitalismo sa pinansya." Katangian ng monopolyo kapitalismo na lugmok sa krisis ang pagiging anti-komunista, ultra-reaksyunaryo at pagiging marahas sa pagsupil sa uring manggagawa.

Tinalakay sa kumperensya ang muling pagbwelo ng pasismo dulot ng krisis ng pandaigdigang kapitalistang sistema, laluna matapos ang krisis sa pinansya noong 2008-2009. Tinukoy nila ang mga manipestasyon ng pasismo at pasisasyon sa mga imperyalistang bansa na nakatuon sa sumusunod: 1) pasisasyon ng burgis na estado; 2) paggamit ng AI (*artificial intelligence*) at abanteng teknolohiya para supilin at lalong pagsamantalahan ang uring manggagawa; 3) pagtindi ng sobinismo at reaksyunaryong mga ideolohiya; at, 4) pag-usbong ng mga pasistang kilusang masa.

Ang pasisasyon ng burgis na estado ang proseso kung saan nahuhubaran ang burgis na liberal na demokrasya at nalalantad ang mas awtoritaryan at mapanupil na mga hakbang tungong hayag na paghahari ng teror.

Nagkaroon ng masiglang palitan tungkol sa interaksyon ng pasismo sa mga imperyalistang bayan at sa mga neokolonya, kung saan batayang katangian ng estado ang pasismo. Sa mga malakolonya unang sinusubok at ipinatutupad ng imperyalismo ang mga eksperimento sa paggamit ng terorismo ng estado. Ginagamit nito ang programang kontra-insurhensya, ayudang militar at manipulasyon at mararahas na panunupil sa mga mamamayan.

May partikular na talakayan sa natatanging karanasan ng Ireland, na nagtuturing sa sarili bilang kapitalistang malakolonya, at Palestine, isang okupadong bansa. Sa mga kilusang mapagpalaya ng mga bansang ito, magkasanib ang anti-pasista at anti-imperyalistang paglaban.

Tinukoy ng kumperensya bilang kagyat na tungkulin ng proletaryo ang pagtatayo ng "palabang mga organisasyon" para tapatan ang binuong "palabang mga organisasyon" ng mga pasistang kilusan. Nagbigay ang mga kasama mula sa mga imperyalistang bansa ng mga halimbawa ng mga kongkretong anti-pasistang paglaban.

Inilahad nila ang mga aral mula sa kanilang gawaing masa, mga adbokasiya, pagtatanggol sa sarili at pag-oorganisa sa loob ng mga unyon, partido, organisasyon at kilusan. Idiniin nila ang pangangailangan ng pagtatayo ng malawak na anti-pasistang nagkakaisang prente ng mga manggagawa at ibang demokratikong sektor. Anila, ang pagtatayo ng alyansang ito ay nangangahulugan ng pagtatakwil ng sektaryanismo at konserbatismo, habang mapagbantay sa mga sosyal demokrata at iba pang oportunistang elemento. Batid nilang integral ang pamumuno ng proletaryo sa nagkakaisang prente sa pag-uugnay ng mga pakikibakang masa sa pagpawi ng ugat ng pasisasyon. Susi ang pamumunong ito sa pagbuwag sa monopolyo kapitalismo at diktadura ng burgesya.

Kumbinsido ang mga kalahok mula sa mga imperyalistang bansa na kailangang itayo ang matatatag na partido ng mga manggagawa. Kailangang ipatupad ang mga operasyong nakakubli, kakumbina ang mga gawain hayag, para makatagal sa harap ng mga pasistang atake at kamtin ang mga tagumpay para sa uring manggagawa. Kailangan ding higit na palawakin ang pagkakaisa sa mga pakikibaka sa pusod ng mga bansang imperyalista at mga malakolonya.

Nagtapos ang kumperensya sa isang maiksing kultural na programa na may temang "Mula sa Palestine hanggang Pilipinas, wasakin ang makinang pandigma ng US," kasabay ng paggunita sa International Day of Solidarity with the People of Palestine. AB

27.3% ⬆

itinaas ng presyo ng mga pagkaing pang-*noche buena* mula 2011, o 2.3% kada taon.

Pinagkunan: BusinessWorld Noche Buena Index



25 taon na

ang **People's Liberation Guerrilla Army**, armadong bisig ng Communist Party of India-Maoist, noong Disyembre 2.



₱500


badyet pang-*noche buena* na sapat daw para sa 5-kataong pamilya, ayon sa Department of Trade and Industry.

Inabot ito ng katakut-takot na batikos, at tinawag ng mga manggagawa at maralita na "lutang" at "nakaiinsulto."

17 COLD STORAGE FACILITY

(malamig na imbakan ng mga produkto para hindi mabulok)

na itinayo noong 2022 at nagkakahalaga ng ₱20 milyon kada isa ay di magamit dahil sa palpak na disenyo at konstruksyon





₱17.56 TRILYON

na ang **utang ng Pilipinas** noong katapusan ng Oktubre 2025, mas mataas nang 10% mula ₱16.02 trilyon noong Oktubre 2024.

₱9.8 BILYON

pondong pang-ayuda sa ilalim ng Assistance to Nationals ng Department of Foreign Affairs at ₱1.2 bilyong ayuda ng Agarang Kalinga at Saklolo para sa mga OFW na Nangangailangan ng Department of Migrant Workers ang inihalintulad sa mga *flood control* "ghost project" dahil di ito natatamasa ng mga migranteng Pilipino.



120.5% BED OCCUPANCY RATE

o bilang ng pasyente kada 100 kama sa mga ospital sa Pilipinas.

Bulnerable ang mga may sakit at manggagawang pangkalusugan dahil sa pagsisiksikan sa mga ospital, tanda na nasa krisis ang sistemang pangkalusugan.

27 WEBSITE

ng mga **alternatibong midya**, organisasyong masa at iba pa ang pinag-utos ng korte na i-"unblock" o gawing *accessible* ulit sa publiko;

Kinatigan ng korte ang petisyon ng Bulatlat, isa sa mga ipinasara, na ang ginawang "pag-block" ay pagsesensor at labag sa kalayaan sa pagsasalita, pagpapahayag at pamamahayag.

4 na sundalo ng AFP, napatay sa mga engkwentro sa BHB

NAPATAY NG Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang apat na sundalo ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa magkahiwalay na engkwentro sa Samar at Occidental Mindoro.

Sa panimulang ulat, hindi bababa dalawang sundalo ng 8th ID ang napatay sa armadong aksyon ng BHB sa Barangay Babaclayon, San Jose de Buan, Samar noong Disyembre 3. Sa Occidental Mindoro, dalawang sundalo ng 76th IB ang napatay sa engkwentro sa Sityo Balite, Barangay Lumangbayan, Abra de Ilog noong Nobyembre 26. Maraming iba pa ang naiulat na nasugatan sa mga sundalo.

Samantala, noong Oktubre 28 ay tatlong tropa ng 62nd IB ang napatay sa engkwentro sa BHB sa Barangay Quintin Remo, Moises Padilla, Negros Occidental. Sa pagkatalo nito, nagpaulan ng bala ang 62nd IB at napatay ang isang 6-taong gulang na bata.

Paghaharing militar sa isla ng Samar at Kalinga

Sa Samar, simula Nobyembre 22 ay militarisado ang mga barangay Gereganan, Marcos, San Miguel at katabing mga komunidad sa Gandara. Bunga nito, mahigit 100 residente ng barangay Marcos at San Miguel ang napilitang lumikas sa kanilang mga bahay. Nagpataw rin ng *hamlet* ang militar at pinigilan ang pagpunta sa bukid at paghahanapbuhay.

Sa Northern Samar, naglunsad ng *aerial bombing* at pag-istraping ang 8th ID sa Barangay Nipa, Palapag noong alas-2 ng madaling araw ng Nobyembre 29. Nagdulot itong matinding takot sa mga residente.

Sa Kalinga, walang tigil ang operasyong kombat ng 103rd IB sa mga barangay sa Pinukpuk kasunod ng mga engkwentro nito sa hukbong bayan noong Nobyembre 21. Nagkakampo ang mga sundalo sa mga sentrong komunidad na nakaaapekto sa kabuhayan at seguridad ng mamamayan. Noong Nobyembre 30, hinalughog ng mga pulis ang bahay ng tagapagtanggol ng karapatang-tao na si Elma Awingan-Tuazon sa Barangay Cawagayan, Pinukpuk. Sinugod ng 20 pulis ang kanyang bahay sa paratang na kumukupkop ng sugatang mandirigma ng BHB.

Sa ibang bahagi ng bansa, naitala ang mga kaso ng pag-aresto, panununog, at panggigipit ng militar. Sa Navotas City, inaresto ng mga pulis ang kontra demolisyong lider-kababaihan na si Jane Alfabete noong Nobyembre 27.

Sa Negros Occidental, sinunog ng 15th IB ang bahay ng magsasakang si Carmelita Ulgasan sa Barangay Linaon noong Nobyembre 28 sa paratang na tagasuporta ng hukbong bayan. Samantala, patuloy ang panggigipit ni Warden Jsupt. Crisyrel Awe sa mga bilanggong pulitikal at ibang preso sa kulungan sa Bago City. Nagprotesta ang mga bilanggo at pamilya para labanan ito noong Disyembre 3.

Sa Masbate, ninakaw ng 2nd IB ang walong kalabaw at baka ng mga magsasaka sa Lupaing Triple A sa Cawayan, Masbate noong Nobyembre 27. Bago nito, ninakaw rin ng mga sundalo ang alagang hayop ng mga magsasaka sa mga barangay sa bayan ng Mobo, Milagros at Uson.



Israel at US, hinatulang maysala sa krimen ng henosidyo at *ecocide*. Nagtapos ang International People's Tribunal (IPT) on Palestine na ginanap noong Nobyembre 22-23 sa Spain sa hatol na maysala ang Zionistang estado ng Israel at mga kasabwat nitong gubyerno ng US, UK, Germany, France at iba pa sa krimeng henosidyo at *ecocide*.

Noong Nobyembre 29, nagkaroon ng pagtitipon ang mga grupong maka-Palestine sa pangunguna ng Philippines-Palestine Friendship Association para talakayin at pagtibayin ang hatol ng IPT. Sinundan ito ng maiksing pagkilos sa harap ng University of the Philippines-Manila kung saan ginanap ang pagtitipon.

2-araw na kalampagan ng katutubong Cordilleran sa NCR. Idineklara ng mga katutubo mula sa Cordillera na matagumpay ang 2-araw na kalampagan sa pambansang kabisera na inilunsad nila noong Nobyembre 25 at 26. Layunin ng kalampagan ang ipabatid sa mga ahensya at kagawaran ng gubyerno, gayundin sa Kongreso, ang mga hinaing ng mga katutubo mula sa rehiyon. Pinangunahan ang kalampagan ng Cordillera People's Alliance.

Planong demolisyon sa Taytay, kinundena. Nagprotesta sa harap ng munisipyo ng Taytay, Rizal ang mga residente mga sityong Sapang Gody at Siwang ng Barangay San Juan noong Nobyembre 26 upang manawagan ng dayalogo sa lokal na gubyerno at kundenahin ang bantang demolisyon sa kanilang lugar. Pilit na kinakamkam ng Sta. Lucia Corporation at ni Kristina Robles ang kanilang kinatitirikan.

Kabataan, tutol sa Davao Bus Project. Nagprotesta ang Anakbayan-SMR noong Nobyembre 24 sa Davao City, para ipanawagan ang pagbabasura sa pekeng modernisasyon at kontra-mamamayan ang Davao Bus Project (DBP) ng lokal na konseho ng Davao City. Ipinipilit ang proyekto ng Asian Development Bank, kasabwat ang pamilyang Duterte, sa syudad. Layunin ng proyekto na lusawin ang gumaganang sistema ng transportasyon sa Davao na binubuo ng mga moderno at tradisyunal na dyip, traysikel at bus. Popondohan ang DBP ng ₱54 bilyon na utang mula sa ADB.

Palayain ang mga bilanggong pulitikal, palayain ang mga mariposa ng mapagpalayang kilusan

Taun-taon, kada Nobyembre 25, ginugunita ang International Day for the Elimination of Violence Against Women (IDEVAW). Pagkilala ito sa pagkamartir ng babaeng magkakapatid na Mirabal na pinapaslang ng estado ng Dominican Republic noong 1960. Ipinag-utos noon ng diktador na si Rafael Trujillo ang pagpatay sa magkakapatid na sina Patria, Minerva at Maria Teresa dahil sa kanilang paglaban.



Ang mga magkakapatid, kilala bilang mga mariposa sa kanilang bansa, ang kabilang sa nagtatag ng anti-diktadurang kilusang "14th of June." Naging simbolo sila ng anti-diktadurang pakikibaka ng Dominican Republic at maging sa ibang bansa. Ang kanilang kamatayan ang isa sa naging mitsa sa pagbagsak sa diktadurang Trujillo, anim na buwan matapos ang pagpaslang.

Tulad ng magkapatid na Mirabal, libu-libong kababaihan sa Pilipinas ang ginagamit ang kanilang talino, lakas at buhay upang labanan ang pasismo ng estado, ipaglaban ang karapatan ng kababaihan at baguhin ang lipunan. Tulad sa mga Mirabal, karahasan rin ang tugon sa kanila ng estado. Biktima sila ng pag-aresto, pagdukot, detensyon, sekswal na pang-aabuso, sapilitang pagkawala at pamamaslang.

Karahasan ng di makatarungang pang-aaresto at detensyon

Kabilang sa biktima ng karahasan ng estado ang magkapatid na Banjawan. Inaresto si Fatima, organisador ng Gabriela Youth, ng 85th IB noong Agosto 2, 2024 sa Santa Elena, Camarines Sur. Pagkalipas ng ilang buwan, inaresto si Pauline ng 59th IB noong Abril 26. Pareho silang ipinailalim sa pisikal at mental na tortyur ng militar.

Sina Fatima at Pauline ay ilan lamang sa daan-daang kababaihang biktima ng pag-aresto at pagdukot sa ilalim ng rehimeng US-Marcos.

Batay sa tala ng grupong Karapatan, mayroong 696 bilanggong pulitikal sa bansa kung saan 164 ang inaresto sa ilalim ng rehimeng Marcos. Sa mga bilanggo, 146 dito ay kababaihan. Nakapagtala naman ang Ang Bayan ng 63 na kaso ng pag-aresto ng kababaihan, tatlo sa mga ito ay may kasamang bata o sanggol nang inaresto, at lima sa kanila ay buntis. Karamihan sa mga inaresto ay mula sa Negros (14), sumunod sa Bikol (10) at Southern Tagalog (9).

Target ng estado ang mga kabataang kababaihan na piniling mag-organisa at maglingkod sa hanay ng mga manggagawa, magsasaka, mangingisda at katutubo. Kabilang dito sina Amanda Echanis, Michelle Campos, Emelyn Acevido, Charisse Bañez, Louvaine Erika Espina, Sofia Almonte at Andy Magno. Sila ay iligal na inaresto, dinukot at ikinulong sa kampo ng militar at ipinailalim sa mental at/o pisikal na tortyur bago ipinasa sa kapulisan para ikulong. Sinampahan sila ng mga kaso katulad ng *illegal possession of firearms and explosives*, *homicide*, *murder*, at paglabag sa Anti-terrorism Act.

Target ang bulnerableng kababaihan

Sadyang tinatarget din ang mga buntis o kapapanganak lamang na pinaghihinalaan nilang Pulang mandirigma o asawa ng Pulang mandirigma. Maging ang sanggol ay hindi ligtas sa pagdukot ng mga militar.

Noong Enero 13, 2021, bandang alas-2 ng umaga, pinasok ng mga sundalo mula sa 79th IB ang bahay nina Edwin at Marlyn Madin sa barangay San Fernando, Talisay City, Negros Occidental at dinukot ang noo'y 2-buwang sanggol na si Baby Marx Cairo Salino. Ginamit na *hostage* ng AFP ang sanggol upang pwersahin ang kanyang mga magulang na myembro ng Bagong Hukbong Bayan na magsurender. Hanggang sa kasalukuyan ay pinagkakait ng DSWD ang kustodiya ni Baby Marx sa kanyang lolo at lola, ayon sa utos ng AFP.

Sa pag-igting ng pang-ekonomya at pampulitikang krisis sa bansa, mas tumitindi ang karahasang nararanasan ng kababaihan. At sa pag-igting na ito, tiyak na mas dadami pa ang kababaihang titindig upang mawakasan ang pyudal-patriyarkal at burges-dekadenteng sistema.

Ayon sa Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan, 65 taon matapos paslangin ang magkakapatid na Mirabal, lalupang nagiging mas makabuluhan at mahalaga ang rebolusyon. Tanging sa armadong paglaban na may sosyalistang perspektiba ang nananatiling mapagpasyang landas para wakasan ang karahasang nakabatay sa kasarian hanggang sa ganap na paglaya ng kababaihan. AB